



Ano ang Mahalaga sa Iyo?

Layunin

Sa lahat ng gawain ng ISMP Canada sa mga long-term care home sa Ontario, hinihikayat namin ang pakikibahagi ng residente at pamilya para paigtingin ang kaligtasan ng paggamot.

Ang [Ang Mahalaga sa Iyo](#) (What Matters To You o WMTY) ay isang inisyatibang naghihikayat sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na alamin kung ano ang mahalaga sa kanilang mga pasyente, pakinggan kung ano ang mahalaga, at gawin kung ano ang mahalaga. Natutulungan nito ang mga pangkat na maunawaan kung ano ang “pinakamahalaga” para sa mga pasyente, na magdudulot sa mas magagandang samahan sa pangangalaga at mas magandang karanasan ng pasyente.¹



Ipinagdidiriwang ang Pandaigdigang Araw ng WMTY sa ika-6 ng Hunyo, pero sana ay nangyayari araw-araw ang mga makabuluhang pag-uusap at pakikipag-ugnayan na ito.

Sumasama ang tiyan ko dahil sa mga pill para sa kolesterol. Gusto kong itigil na ang pag-inom sa mga ito.

Sige, pag-usapan natin ang ibang opsyon.

WMTY sa Iyong Home

Makilahok sa Araw ng WMTY, ika-6 ng Hunyo, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng inisyatibang ito sa lahat ng tauhan.

Makakakita ka ng masasayang paraan para hikayatin ang tauhan para tanungin, pakinggan, at gawin kung ano ang mahalaga para sa mga residente at pamilya sa pamamagitan ng paggamit ng mga resource tulad ng [Bingo Card](#) na ito mula sa

<https://wmtty.world/>. Ginawa rin ng British Columbia Patient Safety and Quality Council ang [poster](#) na ito para suportahan ang iba't ibang anyo ng komunikasyon.

Kung gagamitin mo ang tool at lalahok ka sa Araw ng WMTY, ipaalam ito sa amin sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga larawan at nauugnay na impormasyon [sa LTC@ismpcanada.ca](mailto:LTC@ismpcanada.ca). Kung nasa social media ka, maaari mo kaming i-tag sa Twitter, Facebook, at LinkedIn sa @ISMPCanada, at gamitin ang hashtag na #WMTY2023.



Strengthening
Med Safety in
Long-Term Care

¹ Available sa <https://wmtty.world/>

Mga pananaw ng ISMP Canada ang mga ipinahayag na pananaw at hindi nito sinasalamín ang mga pananaw ng probinsya ng Ontario.